

1

Inilibot ni Max ang paningin sa kabuuan ng malawak na sala tapos patungo sa labas ng bintana. Nakukubli ng mga punong-kahoy ang bahay na iyon.

Perfect. Perfect para sa pagtatago. Perfect para sa pamamahinga. Perfect para sa katahimikang hinahanap ng isang tao.

Perfect para sa iyo, Max. Mapait ang naging ngiti niya at nakaramdam siya ng kung anong kirot sa dibdib.

Muli niyang inilibot ang paningin sa loob. Sapat naman ang basic necessities doon para maging komportable siya. May kalumaan man ang sofa ay hindi na siya magrereklamo. Masuwerte pa nga siya at pumayag ang may-ari na paupahan iyon. Malapit na nga raw dumating ang taong bibili nito.

“Ano, Hijo? Puwede na ba kitang iwan?” tanong ng katabi niya.

Tumango siya at nginitian ang kanyang landlady na si Mrs. Likigan. Puno ng satisfaction ang ngiti niya ngunit pareho silang napakunot-noo nang marinig nila ang tunog ng papalapit na sasakyan. Pareho

silang napalingon sa bukas na main door.

Isang puti at may kabaguhang *Honda Civic* ang dumating at pinong pumarada sa bakuran. Nagmistula silang mga tuod, napatunganga na lang dito at di na nagawang kumilos.

Mula sa kotse ay umibis ang isang lalaking matangkad at maganda ang pangangatawan. Iyon ang unang napansin ni Max. Nang mapatingin siya sa mukha nito ay hindi niya napigilang mapahanga. Magandang lalaki ito.

At nakangiti ito, ngunit hindi kay Max kundi kay Mrs. Likigan. Malalaki ang mga hakbang nito, may kumpiyansa ang kilos, at derechong pumasok sa bahay.

“Ay, ‘sus!” may gulat at alarmang napabulalas ng matandang katabi niya. Lalong napakunot-noo si Max.

Huminto ang lalaki ilang talampakan ang layo mula sa kanila. “Tumawag ako sa bahay ninyo,” bungad nito kay Mrs. Likigan. “Sabi ng katulong ay narito ka, so I came over,” anitong buong-buo ang boses.

“Magandang umaga, Mr. Frejas,” bati rito ng matandang babae. “Si Mr. Salvador,” pagpapakilala

nito kay Max at tapos ay itinuro ang upuang rattan. “Maupo tayo.”

“Si Mr. Frejas ang nabanggit ko sa iyong gustong bumili ng bahay na ito,” baling sa kanya ng matandang landlady nang nakaupo na silang tatlo.

Kung kanina pa pinagmamasdan ni Max ang dumating, ito naman ay sinulyapan lang siya pansumandali at muling itinuon ang atensyon sa matandang may-ari ng bahay.

“Mrs. Likigan, I have decided to try living here first. As a tenant sana,” anang lalaki.

“Naku!” Totoong nalagay sa alanganin ang matandang babae. “Paano ba iyan, eh, andito na si Max. Isang buwan daw siyang titira rito. Sabi ko kasi ay next month ka pa darating. Nakapagbayad na rin siya ng upa.” Alangan nga namang ibalik ng matanda ang pera kay Max.

Ang lalaki naman ang napakunot-noo. “Pasensya na. I was out-of-town at di ko tuloy kayo natawagan para sabihin ang plano ko.” Sandali itong nag-isip. “Baka naman puwedeng gawan natin ito ng paraan.”

Nagngalit ang ngipin ni Max. Malinaw na ang ibig sabihin nito ay siya ang paalisin sa bahay.

Ngunit si Mrs. Likigan ay biglang nagliwanag ang mukha nang marinig ang sinabi ng lalaki. “Teka nga, puwede pa nating maremedyuhan ito!” excited na sabi nito. “Bakit hindi na lang kayo mag-share? Malaki naman ang bahay.”

Napanganga si Max. Tumaas naman ang kilay ng lalaki.

Nag-umpisa nang gumalaw ang ulo ni Max, tangkang bayolenteng iiling ngunit natigilan siya nang makitang napangiti si Mr. Frejas.

“Why not? Providing we don’t bother each other.”

“Right!” tuwang ayon ni Mrs. Likigan. “Pero, August, dapat mong malaman na si Max ay pipi.”

Pipi? Noon lang nagawa ni August Frejas na titigan nang matagal ang kaharap. Ang maliit at payat na lalaki ay nakasombbrero pa at nakasuot ng maong na jacket at pantalon. Kung naging babae lang ito ay napakaganda siguro.

At ang mga mata... Teka, bakit ba pati mga mata nito ay napapansin mo pa? sita ni August sa sarili.

Sa mga sandaling iyon ay mataman ding pinagmamasdan ni Max ang lalaki. Ngayong hindi na ito nakangiti ay napansin niya ang kalaliman

at pagkablango ng mga mata nito. There was something dangerous about those eyes...

Watch out! babala niya sa sarili at biglang binawi ang tingin.

“Pero nakakarinig siya?” biglang tanong ni August na muling bumaling kay Mrs. Likigan. Tumango ang matanda. “Walang problema kung ganoon. And since nauna siyang dumating, I’ll give him the freedom to choose his room first.”

Teka, ani Max sa isip. Hindi pa nga ako pumapayag! Legal ba ‘to? Hindi ba ito labag sa kontratang pinirmahan ko? Pigil na pigil siyang ipakita ang bayolenteng reaksyon sa mga nangyayari pero paano nga ba siyang magprotesta gayong ‘pipi’ nga siya?

Paano bang magpakita ng matinding pagtutol ang isang pipi, iwawagayway ba niya ang kamay niya?

Mukha pa namang mas malakas ang impluwensya nitong August Frejas na ito kay Mrs. Likigan kaysa sa kanya. Malamang ay siya pa ang mapalayas sa bahay kung saka-sakali.

Perfect na sana itong lugar na ito. Palagay ang loob niyang lumagi roon. Dalawang palapag ang bahay at napakalawak. Malayo ito sa mga kapitbahay

at napapalibutan pa ng mga punong-kahoy. Perfect na nga sana.

At ang mas mahalaga ay walang makakasunod sa kanya rito. Ito ang tamang lugar para sa isang taong nagtatago. Unless ang August Frejas na ito ay mayroon ding pinagtataguan, dapat ay ipaubaya na lang nito sa kanya ang bahay. Kahit isang buwan lang.

Paano ba niya iyon ipapaliwanag? Napabuntong-hininga siya nang mahina.

“It’s settled then?” ani Mrs. Likigan, pero di na ito naghintay ng reaksiyon niya at binalingan na si August. “Then, pag-usapan natin ang rent. Paghahatian ninyo ito. Ibabalik ko ang kalahati sa iyo, Mr. Salvador, since it is understood na isang buwan ka lang mananatili rito. Nasisiguro ko naman na talagang bibilhin na ni August ang bahay paglipas ng isang buwan, tama ba ako?” tanong nito sa lalaki.

Nagkibit-balikat naman ito. “Magustuhan ko mang tumira rito o hindi, bibilhin ko pa rin ang bahay.”

Wala nang nagawa si Max kundi makinig na lang sa usapan ng dalawa. Pagkatapos ay sumenyas siyang papanik na sa ikalawang palapag. Talagang uunahan niya ang August na ito sa pagpili ng silid. Binuhat

niya ang dalawang naglalakihang mga maleta at nagsimulang maglakad.

Hindi niya napansing sinusundan siya ng paningin ni August. Napailing ang nakaupong lalaki. “Lampa,” bulong nito.

Malawak ang silid na pinili ni Max. Ang tanging laman niyon ay isang antigong kama at ang built-in na aparador.

Agad niyang binuksan ang dalawang bintana para makapasok ang preskong hangin. Kinilig siya sa ginaw.

Lumapit siya sa kama at naupo. Luma man ang kutson ay halatang matibay pa rin. Binuksan niya ang isang maleta kung saan nakalagay ang dala niyang bedsheet. Mabuti na lamang at pinaghandaan niya ito. Halos kumpleto ang gamit niya para sa magiging silid.

Bago siya mag-check out sa hotel room kahapon ay namili na siya ng mga gamit para sa kuwarto. Saka na lamang siya mamimili ng para sa kusina. Ngayong may kasama na siya ay kailangan nilang pag-usapan iyon.

Bago ang inilabas niyang kubrekama. Kulay pink iyon at bulaklakin. Iyon ang napili niyang dalhin nang umalis sa kanilang bahay dahil bukod sa maganda ay manipis pa. Hindi iyon kokonsumo ng malaking space sa kanyang maleta. Ayaw na kasi niyang pag-aksayahan ng oras ang pagbili ng mga kagamitan.

Nang mailagay iyon sa kama ay napabuntong-hininga siya.

Halatang pambabae ang kubrekama. Ano kaya ang iisipin ng lalaking nasa ibaba kapag nakita ito? Ano kaya ang masasabi nito kapag nakita ang tunay na anyo niya? Puwes, hindi naman niya ito papapasukin sa silid niya, ano! Dapat lang nilang irespeto ang privacy ng bawat isa.

Napatingin siya sa aparador na may salamin. Tumayo siya at lumapit doon para harapin ang sarili sa salamin. Pagkuwan ay gumalaw ang mga kamay niya.

Tinanggal niya ang sombrero at lumadlad ang mahabang buhok na itinatago niyon. Tinanggal niya pati pekeng bigote.

Inismidan niya ang imaheng tumambad sa kanya. Muling naging Maxine ang piping si Max.

Isang babaeng nagpapanggap na lalaki at pipi

para di mabuko nang dahil sa boses. Dahil kahit sino naman na makarinig ng boses niya ay hindi magdadalawang-isip na iyon ay sa isang babae. Ang tanging alternative siyempre ay ang hindi niya pagsasalita.

Naging madali sa kanya ang desisyong magpanggap dahil noong una pa lang ay plano na niyang humanap ng mauupahan sa isang tagong lugar kung saan wala naman siyang makakaharap. Kung nag-iisa siya ay malaya niyang magagawa ang anumang gusto niya. Sumigaw man siya o kumanta hanggang gusto niya, okay lang. Kahit ba kausapin niya ang sarili, sino ba ang makikialam? She could be herself. Iyon ang naisip niya noon.

Kaso, ngayon ay napurnada lahat ng mga plano niya. May asungot na siyang makakasama sa bahay na iyon!

Tuloy ay kailangan pa niyang magsuot ng makakapal na jacket para hindi mahalata ang kanyang dibdib at pigura. Kailangan pati na lagi niyang isuot ang pekeng bigote at ang sombrero para maitago ang abot-balikat na buhok.

At mas malala pa, kailangan pa niyang gumamit ng papel at ballpen sa pakikipag-usap! Kung di ba naman napakapalpak niya kung magplano. But then,

hindi talaga niya anticipated ito. Hindi naman kasali ang lalaking iyon sa script!

Narinig niya ang tunog ng papalayong sasakyan at nahulaang umalis na si Mrs. Likigan. Sunod ay nakarinig siya ng mga palapit na yabag, tapos ay ang katok sa kanyang pinto. Agad niyang inayos ang sombrero at pekeng bigote. Dali-dali rin niyang isinuot ang maong na jacket para maitago ang dibdib. Pagkuwa’y nagmamadali niyang tinungo ang pinto at binuksan iyon.

Nakatayo ang lalaki sa labas; bitbit nito ang dalawang naglalakihang maleta. “Sabi ko na nga ba’t ito ang pipiliin mo, eh! Ito rin ang nagustuhan ko noong una ‘kong punta rito.” Nagkibit-balikat ito. “Pero siyempre, wala na akong magagawa.” Bigla itong sumilip sa loob ng kanyang silid bago pa niya nagawang harangan ito.

Nakakaintindi ba ang lalaking ito ng salitang ‘privacy’? kunot-noong naitanong ni Max sa sarili. Hindi lang ito antipatiko, pakialamero pa! Hinding-hindi na niya ito muling pagbubuksan ng pinto niya. Hindi naman niya ito kailangan pakisamahan, paki ba niya kung isipin nitong weirdo siya.

“So, you like pink?” nakangiting tanong ni August kahit sa loob-loob nito ay nanalangin na sana ay di

totoo ang hinala nitong bakla ang magiging kasama sa bahay. Itinuro nito ang katapat na pinto. “Dito na lang ako. Ang front yard naman ang nakikita. Aayusin ko lang ang gamit ko. Have you eaten? May dala akong take-out.”

‘May dala rin ako! Sarilinin mo ang iyo!’ gusto niyang isigaw. Pero pinigilan ang sarili. Napakahirap palang magkunwaring pipi.

Dalawang putahe ng ulam ang dala ng lalaki samantalang Chicken Joy naman mula sa *Jollibee* ang kay Maxine.

“We’ll have to make an arrangement about things we’re going to need around here. Puwede tayong magkanya-kanya o kaya ay puwede ring mag-share. I think mas convenient kung mag-share na lang tayo. Isang buwan lang naman.”

Tango lang ang isinagot dito ni Maxine.

“I’ll be staying here most of the time. I mean, wala pa akong trabahong pinupuntahan araw-araw. Ikaw ba nagtrabaho?”

Iling naman ang ibinigay niya rito.

“Tungkol naman sa mga gawaing-bahay, I’m sure

we'll manage.” Ngumiti ulit ito, kung matatawag ngang ngiti iyon. Sa pakiramdam ni Max ay gustong mapatawa ng kaharap.

At ano ang ibig nitong sabihin sa ‘gawaing-bahay’? Pagluluto? Paglilinis? Ano? *I intended to learn everything on my own—hindi ng may kasama!*

Damn it! Paano na ang mga plano niya?

2

Nang magising si Maxine kinaumagahan ay hindi niya nakita si August. Hinuha niyang umalis ito dahil napansin niyang wala ang kotse ng lalaki sa garahe.

“Umalis ka na’t huwag bumalik, Buwiset!” aniya nang ubod-lakas. Wala namang makakarinig sa kanya maliban sa sarili.

Nakakatawa ang inis na nararamdaman niya para rito. At other times, maaari pang pag-interesan ni Maxine ang lalaki. Aba, palatak yata siyang playgirl! Hindi nga ba at iyon ang labis-labis na ikinagagalit ng kanyang papa? At lalo pa iyong nagngingitngit kapag inuumaga na siyang hinahatid galing sa pagdi-disco ng kung sino ang kasalukuyang nobyo.

Sa sobrang pagka-spoiled brat ni Maxine, labis na sakit ng ulo ang idinudulot niya sa amang si Edward Salvador. Ilang beses ba siyang muntik-muntikang ma-kick out sa college? Kung hindi lang sa impluwensya ni Mr. Salvador sa kanilang unibersidad, baka hindi pa siya nakapagtapos sa kolehiyo nitong nakaraang buwan.

She was supposed to finish schooling two years

earlier. Ngayon ay twenty-three na siya, matagal nang naunahan ng mga matitinong ka-batch sa college.

Pero hindi naman masasabing bobo siya kaya nagkaganoon. Noong elementary at high school ay nagtapos siya with honors. Ngunit isang pangyayari ang naging dahilan kung bakit siya nagsimulang magrebelde. Nang mag-college siya ay tuluyan na niyang napabayaang ang pag-aaral.

Ano ang kanyang natutunan? Disco, inom, minsan ay sinubukan niya ring manigarilyo, lamang ay hindi niya ito nagustuhan. At idagdag pa ang kanyang papalit-palit na mga boyfriend na alam niyang halos magdulot ng pag-atake sa puso ng ama niya tuwing nakikita ang mga ito.

Ang unang boyfriend niyang si Alvin ay medyo matinu-tino. Isa itong body builder. Literal na napanganga ang kanyang papa nang minsang ihatid siya nito at ipinakilala niya ang nobyo.

Tinawag ng don ang yaya ni Maxine na si Meding at dito inilabas ang desperasyon sa nagiging asal ng anak. Si Meding ang literal na nag-aruga kay Max mula pagkabata at halos tumayong nanay na niya. Akala ng don ay makakatulong ito sa problema sa anak. Ang kaso, maging ang kanyang yaya ay nasama sa pagrerebelde ng dalaga. Hindi rin ito pinapansin.

Wala pang dalawang linggo ay kasama naman niya si Joseph. Nerd ang palihim na tawag niya rito. Payat, kulot ang buhok, nakasuot ng makapal na salamin, at laging kay raming mga libro na dala.

Naaalala niyang umikot lang ang mga mata ng papa niya nang ito naman ang ipinakilala niya.

Mayroon din siyang naging boyfriend na tunay namang punk. Nakatayo ang buhok nito na animo ay puwedeng panaksak sa sobrang tigas. May tatlo itong hikaw sa bawat tainga at di pa nagkasya roon ay dinagdagan pa iyon ng nose ring at tongue ring. Motorsiklo ang ipinanghahatid nito sa kanya at para silang mga baliw kung maghiyawan sa kalsada dahil sa bilis ng pagpapatakbo nito.

Bukod sa mga iyon ay marami pang natipuhan si Maxine na patulan para asarin ang ama.

At ang mga iyon ang dahilan kung bakit sa araw mismo ng kanyang graduation sa college ay sinabi ng kanyang papa na mamamanhikan si Troy Advincula at ang mga magulang nito sa kanila within that week.

Ang unang naging reaksiyon niya ay ang mapakunot-noo. Hindi agad rumehistro sa isipan niya ang kanyang kinalalagyan.

“Ipakakasal ninyo ako sa anak ng kasosyo ninyo?”

kaswal na tanong niya sa ama.

“Oo,” seryosong sagot naman nito.

Noon siya natigilan, pagkuwan ay dahan-dahang bumangon ang galit sa dibdib niya. Tinitigan niya nang pagkatalim-talim si Edward. “Nagbibiro ba kayo?”

“Obviously, hindi.” Walang mabasang emosyon sa boses nito nang sumagot. “Maxine, hindi ako makapapayag na isa sa mga nobyo mo ang makatuluyan mo! Akala ko pa naman ay matalino ka, ngunit talagang ipinakikita mong ni hindi ka marunong pumili ng lalaking makapagpapaligaya sa iyo.” Napatingala ito. “I have to do this before it’s too late, bago ka pa mapasubo sa isa sa mga iyon.”

“You mean bago pa ako mabuntisan ng isa sa kanila?” Tumayo siya at binatuhan ito ng ngiting puno ng panunuyam. “Despite what you think, Papa, nag-iisip din naman ako. We use contraceptives,” pang-aasar niya at galit na iniwan ang amang pinamulahan ng mukha.

Kinailangan niyang lumayo agad bago pa pumatak ang mga luha niya. Hindi na naman niya nasabi rito ang totoong gusto niyang sabihin. ‘Despite what you think, Papa, hindi ako pakawala’.

It was too late to defend herself. Dalawang araw matapos ang pag-uusap nilang iyon, nag-withdraw siya ng malaking halaga ng pera at lumayas.

Sa bawat lugar na pinuntahan niya nitong mga nagdaang buwan ay palagi siyang nasusundan ng mga detectives na binayaran ni Edward.

Hanggang sa umakyat na siya sa Baguio. Doon niya naisip na mag-disguise para mapagtaguan ang mga ito.

Akala nga niya ay perfect na ang lahat, pero dumating si August Frejas. Sinira nito ang lahat ng mga plano niya.

Damn him!

Iniiisip pa lang niya na makakasama ang lalaking iyon sa mga susunod na linggo ay para bang mas gugustuhin pa yata niyang umuwi na lang at tanggapin ang utos ng papa niya. Pakasal na lang kaya siya kay Troy?

Kapag pumuti na ang uwak.

Napakagat-labi siya. Bakit nga ba hindi niya kayang isipin man lang na pakasal sa lalaking iyon? Hindi niya rin maisip kung ano ang dahilan at umaayaw siya.

Guwapo si Troy at napakayaman ng pamilya. Hindi man sila close katulad ng mga magulang nila, alam niyang mabuti itong tao. Mabait at masunurin itong anak. Hindi na nga siya nagtaka nang sabihin ng papa niyang walang reklamo ang lalaki sa balak ng mga magulang nilang ipakasal silang dalawa.

Masyado itong sunud-sunuran sa ibang tao. Iyon siguro ang inaayawan niya rito. Parang hindi nito kayang magdesisyon para sa sarili. Sino ba namang matino ang pag-iisip ang basta na lang papayag sa ganoong arrangement? Napaka-primitive! Ano bang ka-weirduhan iyon?

Gumuho man ang mundo hindi ako papayag sa mga balak mo, Papa! I'm going to learn about life on my own terms at nang sa gayon ay wala kayong masasabi! At kapag humarap na uli ako sa inyo, you will finally see the real me.

Isang matalinong bata na may sariling buhay. Isang babaeng hindi maikukumpara sa iba.

Ipakita niya sa ama na kaya niyang magbago at maging isang kagalang-galang na babae. Iyon lang naman ang gusto nito.

“When will you grow up?” ang madalas nitong pagalit na itinatanong sa kanya. “You do not know a

single thing about living!”

Napatikom ang kanyang bibig sa alaalang iyon. “Ipapakita ko sa iyo, Papa.”

Pumasok siya sa kusina ngunit agad na-realize na wala naman siyang makikitang pagkain doon dahil pareho pa silang walang stock ng kasama.

Nagbalik siya sa kanyang silid para magbihis.

Halos nakakalahati na niya ang pribadong kalsada na siyang daan patungo sa kanyang tinitirhan nang bigla siyang mapatigil sa paglalakad. Dahil mula sa kinatatayuan ay namataan niya ang papalapit na sasakyan ni August. At sa likuran nito ay may sumusunod na elf truck, may dala iyong mga kagamitan.

Ilang sandali pa ay tumigil ang mga ito sa kanyang tabi. “Saan ka papunta, Pare?” tanong ni August na dumungaw sa bintana ng kotse.

Sasagot sana siya nang biglang maalalang ‘pipi’ nga pala siya. Isinenyas niyang kakain.

“Sumakay ka na’t may dala akong mga pagkain.”

Sandali siyang nag-alangan pero agad ding naisip

na abnormal namang tanggihan niya ito gayong halos naririnig na niya ang pagkalam ng sikmura. Pumasok na siya sa kotse.

“Bumili ako ng ilang gamit. Kagabi’y nakapagdesisyon akong bibilhin ko na nga ang bahay. Praktikal naman na habang maaga pa ay inuunti-unti ko na ang pagdala rito ng mga kagamitan.”

Sinulyapan siya nito at ngumiti pa. “Huwag kang mag-alala, hindi maaapektuhan ang pag-upa mo rito. Inirerespeto ko namang naunahan mo ako ng dating. Isang buwan ka lang naman, ‘di ba? You are welcome to use anything I bought for the house.”

Ang yabang talaga! pagngingitngit niya. Palibhasa ay bibilhin mo ang bahay, ang yabang-yabang mo na! Eh, kung ikaw kaya ang bilhin ko!

Gusto niya itong sampalin o kaya ay suntukin. Kahit na ano basta mailabas lang niya ang inis sa lalaki.

But come to think of it, ano nga ba ang mayabang sa sinabi nito? The man was just being friendly.

Pero ayokong maging friendly, eh. Paki ko ba sa kanya. Antipatiko!

Pagdating sa bahay ay nagsimulang ibaba ng

driver at kasama nito ang mga gamit mula sa truck. Nakita niyang bumuhat ng isang malaking box si August at nauna na ng pagpasok sa loob.

Sandali siyang napatanga sa kinatatayuan. Hindi niya alam ang gagawin. Akala ng mga ito ay lalaki siya. Siyempre ay inaasahan nitong tutulong siya sa pagbubuhat. Nagpalinga-linga siya at nang may mamataang maliit na supot ay iyon ang kanyang binitbit.

Pagdating niya sa bukas na main door ay nakasalubong niya roon ang lalaki. Napanganga ito nang makitang supot lang ang binuhat niya. Halatang may sasabihin sana ito ngunit itinikom ang bibig at nilampasan na lang siya.

Nang muli siyang lumabas ay napilitan siyang magbuhat ng mas malaking kahon at pagkatapos niyon ay isa pa. Kaya naman nang matapos na ang lahat, pakiramdam niya ay nagkabali-bali ang kanyang mga buto.

Binayaran ni August ang nag-deliver at sinundan siya sa sala kung saan sumalampak siya sa lumang sofa. Kinuha ng lalaki ang isang supot. “Kumain na tayo at aayusin pa natin ang mga gamit sa kusina mamaya.”

Wala siguro sa bokabularyo ng lalaking ito ang mga salitang ‘paki-’ o ‘maaari ba’ o kaya ay ‘please.’

Napasimangot siya pero walang nagawa kundi sumunod na lang dito.

Pagkatapos kumain ay halos hindi makatayo si Maxine mula sa kinauupuan dahil sa kabusugan. Sa tanang buhay niya ay noon lang siya nakakain ng ganoon karami. But then, sa tanang buhay niya ay noon lang din siya nakaramdam ng ganoong pagod.

At aayusin pa raw nila ang gamit sa kusina. Bakit ba parang sapilitan yata na tumulong siya?

Uuwi na lang ako!

Sige, umuwi ka para mapakita mo sa ama mo na talo ka at tama siya sa lahat ng iniisip tungkol sa iyo, panunuya naman ng kabilang bahagi ng isip niya.

All right, I'll stay! sagot niya rin sa sarili. Goodness, this wasn't included in my plans!

Unang tumayo ang lalaki para iligpit ang mga pinagkainan nila. Hinayaan niya nga ito. Bakit, pagagalitan ba siya nito kapag hindi siya agad gumalaw? Kailangan niya pa ngang paghandaan ang sinasabi nitong pag-aayos nila sa kusina.

Amazingly, hindi naman siya nito inalila. Ang

tinutukoy pala nitong pag-aayos sa kusina ay ang ipuwesto sa mga tamang lagayan ang mga plato, de lata at ilan pang kagamitan sa kusina. Medyo nahirapan lang sila sa pagbubuhay ng refrigerator.

Pasalamat na lang siya at di gaanong mabigat ang pag-aayos na sinasabi nito. Wala na sana siyang masyadong reklamo ngunit nang tawagin siya nito para magtungo sa veranda ay kinabahan siya. May bitbit na box si August at hindi niya napansin kung ano iyon.

Inabutan niya ang lalaking inaayos ang chessboard sa mesita na yari sa rattan. “Laro tayo,” yaya nito.

Agad niyang iwinagayway ang kamay sabay iling bilang senyales na hindi siya marunong. Ngumiti ang lalaki. “Madali lang ito, tuturuan kita,” ani pa nito. “Hindi mo ba alam na nakaka-stimulate ito ng utak?”

With that, tutol man ang kalooban ay naupo na rin siya sa harapan ng lalaki.

Madalas siya noong yayain ng papa niya na maglaro ng chess. Sinasadya niyang umarteng nalilito sa mga itinuturo nito hanggang sa wakas ay tumigil na rin ang matanda.

Ngayon ay mapipilitan siyang makipaglaro sa lalaking ito.

Pare, Mahal Kita - Mari Calingayan

Ayaw man niyang aminin ay magaling magturo ang lalaki. Makalipas ang fifteen minutes, kusa na siyang nagkainteres sa laro.

Lumipas pa ang oras at lalo siyang nalibang. Hindi man niya matalu-talo ang kalaban ay ipinangako niya sa sarili na isang araw ay matutumbasan niya rin ito sa galing.

Napangiti siya. *At isang araw ay tatalunin din kita, Papa.*

Kinabukasan pa pala niya lubusang mararamdaman ang epekto ng kanyang pagtatrabaho. Ngunit kahit nananakit ang buong katawan niya ay gumising siya nang maaga. Paano ay napagdesisyunan 'nila' ng lalaki na siya ang magluluto sa araw na iyon.

Naku po! Naghuhugas siya ng kamay sa lababo pero pakiramdam niya ay namamaga ang buong katawan niya. Hindi kaya kailangan na niya ng doctor? Dati kasi ay may kaunti lang siyang maramdamang hindi maganda sa katawan ay agad nang pinapatawag ang kanilang family doctor. Magagawa pa ba niya iyon ngayon?

Napangiti siya.

Hindi na mangyayari iyon dahil hindi na siya ang dating maarteng si Maxine. Si Max na yata siya, macho kahit na pipi. Gusto niyang matawa sa sarili.

Ni hindi yata ako hihingi ng Alaxan! Konting sakit ng katawan lang 'yan, di na kailangan ng mga doktor.

Ngunit muli siyang napangiwi nang gumalaw at nakaramdam ng kirot sa balikat.

Mamamatay na yata ako!

“Pare, nakaluto ka na ba?”

Napatalon at muntikan pang mapasigaw sa gulat si Maxine nang narinig ang boses mula sa kanyang likuran. Madulas-dulas na siyang mapamura. *Sh—t! F-ck a duck!* Sino kaya ang mas magugulat sa kanilang dalawa kung naibulalas niya ang paboritong mura?

Dahan-dahan niya itong hinarap bago tumango. Saka lang niya napansing kunot-noong sinusuri siya ng lalaki. Marahil nagtataka ito kung bakit umagang-umaga ay nakasombbrero siya sa loob ng bahay at naka-sapatos na rin.

Agad siyang tumalikod para hindi makita ng lalaki ang pagsilay ng ngiti sa kanyang mga labi. Ano kaya ang magiging reaksyon nito kapag nakita ang kanyang naggagandahang mga kuko na may kulay

pink pang nail polish?

Nasulyapan niya si August na dumerecho sa rice cooker at binuksan iyon. Napailing ito.

Pinamulahan siya ng mukha. Sa pagkakaalam niya ay sinunod naman niya ang instructions na kasama ng bagung-bagong rice cooker.

Isinunod ng lalaki na silipin ang laman ng kawali at nakita nito roon ang pinirito niyang hamon.

Umiwas na lang siya ng tingin. Ayaw na niyang makita ang reaksyon nito sa medyo nasunog na hamon.

“Dati palang may taniman ng gulay diyan sa may gilid ng bahay,” anang lalaki habang kumakain sila. “Naisip kong maganda sigurong buhayin uli ang gulayan na ‘yon. May lawa sa di-kalayuan na natatago ng mga punong-kahoy. Doon puwedeng kumuha ng tubig na pandilig. Kung wala kang ginagawa puwede mo akong tulungan.”

Nakikiusap ba ito o nag-uutos?

Sa tingin ba ng lalaki na ito, porque pipi siya ay puwede na rin siyang tratuhing utusan o gawing tanga? Sinasamantala ba nito ang pagkakataon dahil hindi siya makapagsalita at hindi makapagprotesta?

Ano na naman ang tulong na inaasahan nito sa kanya? Pagbubungkalin ba siya nito ng lupa o pag-iigibin ng tubig na pandilig? *Aba, aba, aba...*

Baka naman nagpakalasing ito at hindi naiintindihan ang pinagsasabi.

At ano ang binabalak nitong sunod na ipagagawa sa kanya? Pagkakarapintero? Akala yata nito ay nakahanap ito ng alilang hindi na kailangang sahurang.

“Bubungkalin ko ngayon ang lupa, hopefully matapos ko iyon ngayong araw. Bukas ay bibili ako ng mga gamit sa pagtanim at pati na mga seeds. Magandang magtanim diyan ng broccoli.” Sinulyapan siya nito, tila hinihintay ang reaksiyon niya sa sinabi nito.

Broccoli? Ang kilala niyang brocolli ay nakabalot sa plastic at nabibili sa grocery. Malay ba niya kung paanong itanim o patubuin iyon. May buto ba iyon? *Aba, wala naman yata akong balak na kilalanin ang tanim na ‘yan, ano!*

“Pare, hindi ganyan ang paghawak ng piko.” Nakita niyang papalapit si August. Pinagpapawisan na ang lalaki dahil malawak na ang nabubungkal nitong lupa samantalang siya ay nagsisimula pa

lamang. Kalalabas lamang niya mula sa kanyang silid kung saan palihim na pinapanood niya ito kanina.

Mukha naman kasing di kahirapan ang ginagawa nito kaya lumabas na rin siya.

Malaking pagkakamali.

Mukha lang palang madali ang gawain nang ang lalaki ang gumagawa. Kailangan pala ng lakas ang trabahong ito. Nagsisimula pa nga lang niya ay sinisita na siya nito. Malay ba niya kung paanong magtrabaho sa vegetable garden. Ngayon nga lang siya nakahawak ng piko.

Nakasuot si August ng faded na maong pants na nakatiklop ang laylayan, samantalang ang pang-itaas nito ay asul na t-shirt na sadyang tinanggal ang mga manggas. Kitang-kita tuloy ang mga muscles nito sa braso. Pati matipunong dibdib ay bakat din sa tila kamisetang pang-itaas nito.

Nanigas siya nang naramdaman ang paghawak nito sa mga kamay niyang nakatangan sa piko. “Ganito,” ani pa nitong itinuro sa kanya ang tamang paraan ng paghawak sa pangbungkal ng lupa.

Hindi niya napigilang mapasinghap. Very manly ang dating nito.

Lumayo si August at nagtungo sa kanyang harapan. “Okay, let me see you do it.”

Sinunod niya ang turo nito sa kanya. Tumango naman ang lalaki.

“Pero mas kailangan mo pa ng puwersa para bumaon iyan sa lupa. At alisin mo iyang sapatos mo, marurumihan lang ‘yan.” Tumalikod ito para kunin ang sariling piko. “In the first place, Pare, it’s good to feel the earth beneath your feet.”

Mahina siyang napamura pero nagsimulang tanggalin ang kanyang rubber shoes. Eksakto namang palingon ang lalaki at napatingin sa kanyang talampakan. Napanganga ito.

Pinamulahan ng mukha si Maxine. Paano ay kitang-kita ang makinis na kutis ng mga paa niya at pati shocking pink na nail polish. Natural lang na mapatunganga ang lalaki. Pagkuwan ay napakunot-noo ito.

“Pare,” medyo alanganin pang sabi ni August. “Mas mabuti siguro kung pumasok ka na lang. Hindi ka pa yata handang magtrabaho ngayong araw.” At agad na itong tumalikod.

Hindi na ito kailangang magdalawang-salita. Tinalikuran niya rin ito at pumasok na siya sa bahay.

Di lang alam ng lalaki, laking gaan yata iyon sa kanya.

Sinundan siya ng tingin ni August. Noon lang nito pinahintulutang rumehistro sa mukha ang disgusto. *Shit! Bakla pala itong kasama ko!*

Nagngingitngit naman ang loob ni Maxine habang papasok sa kabahayan. Dumerecho siya sa kanyang silid para kumuha ng pambihis. Maliligo na siya.

Akala yata ng lalaki na 'yon, ipagduduldulan ko ang sarili ko sa kanya!

Ang tanging maayos na banyo sa bahay ay nasa ibaba. Dala ang bihisan at bitbit pati sari-saring props na kinakailangan niya sa pagligo, nagtungo siya roon.

Paki ba niya kung magpakapagod ang ulol na iyon sa labas. *Masugatan sana! Tamaan siya ng kidlat!* Pero napakahirap palang magbungkal ng lupa. Kawawa naman pala ang mga magsasaka. Biruin mo, buong araw nilang ginagawa iyon. Siya nga ay sandali lang humawak ng piko pero nagkapaltos-paltos na ang mga palad.

Biglang nanariwa sa isipan niya ang kasabihang madalas niyang naririnig noong college, 'When you are eating the fruit, think of the man who planted the tree.'

“Oo na nga,” galit niyang sabi sa sarili para mapatahimik na ang sariling konsyensya. “From now on lahat ng agricultural products pahahalagahan ko na, okay? Ano’ng gusto mo, mag-cross my heart pa ako?”

Inis niyang tinanggal isa-isa ang mga props. Una ang sumbrero, tapos ang jacket at pati pekeng bigote. Isinunod na rin niyang inalis ang damit hanggang sa tanging dalawang maliliit na saplot na lamang ang natitira niyang kasuotan.

Napatitig siya sa salamin.

“Bakit kailangan pa kasing itago ang kagandahang ito?” mangiyak-ngiyak na tanong niya sa sarili. Hindi naman siya nagpapakahambog pero alam naman niya ang totoo.

At ang tarantadong lalaking iyon? Ginagawa siyang utusan! Hindi man lang siya iginagalang! Hindi kaya ito himatayin kapag nakita ang tunay na anyo niya? Aba, baka ma-love at first sight pa iyon sa kanya, ano!

Binuksan niya ang shower at kinilig pa sa lamig ng tubig.

But he’s not so bad. At ang mga muscles... hmm...

Nagsimula siyang magsabon.

Tamang-tamang nasa kalagitnaan siya ng paliligo nang naramdaman niya ang malakas na pag-uga ng kanyang kinatatayuan.

Ginigiba na ba ang bahay?

“Tanga! Lumilindol!” sagot na rin niya sa sariling tanong.

At dahil puno ng sabon ang mukha ay hindi niya magawang idilat ang mga mata.

Tila bulag niyang kinapa ang pader ng banyo. Humakbang siya ng isa at natapakan ang sabong nahulog pala sa sahig. Nag-ala-ferris wheel ang mga braso niya pero nawalan pa rin siya ng balanse at tuluyang padulas na tumumba sa sahig. Naramdaman niya ang pagtama ng ulo niya sa dingding bago siya tuluyang nawalan ng malay.

Tumigil sa wakas ang malakas na paggalaw ng lupa. Si August na biglang napaupo nang nag-umpisang lumindol ay tumayo na mula sa binagsakan.

Ang bakla!

Kahit hindi siya natutuwa rito ay hindi naman

niya hahayaang mapahamak ito. Pakiramdam niya ay may responsibilidad siya sa taong iyon.

Tumakbo siya patungo sa bahay. Sa sala ay nakita niya ang ilang kagamitang natumba. Hindi niya pinansin ang mga iyon. Dali-dali siyang nagtungo sa may hagdan habang tinatawag ang pangalan nito.

“Max!” sigaw niya ngunit walang narinig ni kaluskos bilang sagot. Inilang hakbang lang niyang pinanik ang hagdan. Hindi na siya kumatok sa pinto, tuloy-tuloy siyang pumasok sa silid ni Max. Walang tao roon pero ilang saglit din siyang napatunganga habang gumala ang mga mata sa kuwarto.

Puro gamit pambabae ang kanyang nakikita. Napailing na lang siya.

Tumakbo siya pababa. Sa banyo! Marahil ay nasa banyo ito. Nilakihan pa niya ang mga hakbang para mabilis na marating iyon.

“Max?” Malakas ang pagkatok niya habang nakikinig sa may pinto. Wala siyang narinig ngunit naka-lock ang pinto kaya malamang ay nasa loob ang hinahanap niya.

Naalala niya na may kopya ng lahat ng susi sa bahay sa tokador sa kusina. Agad niya iyong kinuha.

Pare, Mahal Kita - Mari Calingayan

Mabilis ang lahat ng kilos niya. Masama ang kutob niya. Inisa-isa niya lahat ng mga susi hanggang sa wakas ay nabuksan din ang pinto ng banyo.

Napatda siya sa kinatatayuan.

Tama nga ang kutob niya. Hubo't hubad na nakahandusay sa sahig ng shower stall ang walang malay na si Max. Gumala ang mga nanlaki niyang mga mata sa kabuuan nito. Hindi nga maitatangi. Isa itong... babae?

3

Nahirapan si Maxine na dumilat. Bahagya siyang napaungol. Napakasakit ng ulo niya. Sandali niyang binalikan sa isip ang mga pangyayari.

Ang huling alaala niya ay nasa banyo siya nang—

Nanlaki ang mga mata niya nang nakita si August na nakatayo sa tabi ng bintana. Nakatitig ito sa kawalan. Naramdaman man nito ang paggising niya ay mukhang wala yata itong balak na lingunin siya.

Lalong nanlaki ang mga mata niya nang napansing hubad siya at tanging kumot lang ang nakabalot sa katawan niya.

“Walanghiya ka! Ano’ng ginawa mo sa akin—” halos mag-hysterical na tili niya.

Napatigil lang siya nang biglang lumingon ang lalaki. Napalunok siya sa ekspresyon na nakita sa mukha nito. Noon lang siya nakakita ng poot na sing-tindi niyon.

Matalim ang tingin nito at tikom ang mga labi. Naglabasan ang mga litid sa leeg at mukhang matindi ang pagtitimpi.

“So,” parang dagundong ang malalim nitong boses. “Besides the fact na hindi ka pala lalaki, hindi ka rin pala pipi. Ano pang katarantaduhan ang itinatago mo sa akin?”

Murahin man niya ang sarili ay buking na buking na siya. Nanatili na lang siyang umid at nakatitig dito.

“What kind of a game are you playing?” tanong nito na tila pulis na nag-uusisa sa isang suspect.

Kung ibang tao sana ay nanginig na sa takot dahil sa tono nito pero si Maxine Salvador yata ang kaharap nito. Wala pa siyang inuurungan. Mas umiral ang galit kaysa takot sa kanya. Wala namang karapatan ang lalaking ito na i-interrogate siya.

Nagtaas pa siya ng noo at mayabang na tinagpo ang mata nito.

“What kind of game? Hide and seek?” sarkastikong sagot niya. “Eh, ba’t ka ba galit na galit? Wala naman akong personal na kasalanan sa iyo. At wala namang masama kung gusto ko mang itago ang totoong pagkatao ko. Wala akong ginagawang masama.” Halos hindi siya huminga, parang machine gun siya kung magsalita. “Ikaw nga itong sumira sa lahat ng mga plano ko. Kung hindi ka dumating, solong-solo ko na ang lugar na ‘to!”

“Gano’n?” Nagsalubong ang mga kilay ng lalaki. “Pinagmukha mo akong sira-ulo? Para akong nakikipag-usap sa tuod, panay iling at tango lang ang nakukuha kong sagot sa ‘yo. May pasulat-sulat ka pa! All this time, pinagtatawanan mo pala ako. I’d like to strangle you!” Inirapan lang ni Maxine ang nanggigitil na lalaki. “Get dressed at sumunod ka sa akin sa ibaba,” utos nito at tumalikod.

“Hindi ako susunod sa iyo!” sigaw niya bago ito tuluyang makalabas.

Tumigil ang lalaki ngunit hindi siya nilingon. “Tingnan natin.”

Sa kung anong dahilan ay noon lang siya nakaramdam ng takot.

Naninigarilyo ang lalaki nang bumaba siya ng sala.

“Look,” inis na sabi niya. “Let’s agree on this. Habang naririto pa ako, please do not smoke inside the house.”

Napasulyap sa kanya ang lalaki. “I only smoke when I’m angry.”

Umikot ang mga mata niya. *So? Hello? Wala*

akong paki kung galit siya, ano! pagkumbinsi niya sa sarili.

“Anyway,” ani August, “hindi mo na problema ang paninigarilyo ko rito sa bahay dahil hindi ka na naman magtatagal dito.”

“Dream on.” Kunwari ay relax na relax siya pero sa loob ay para na siyang bulkang sasabog. “Bayad na yata ako sa upa. Hindi mo ako mapapalayas dito!”

“Huwag ka nang umasa na kakampihan ka ni Mrs. Likigan kapag nalaman n’un ang tungkol sa panlilinlang mo sa kanya. In fact, why don’t we find out right now exactly what her reaction will be.” Inilabas nito ang cellphone at akmang pipindot.

Agad siyang naalarma. “Hindi mo puwedeng gawin ito!” malakas na sabi niya at nilapitan ito para hablutin ang cellphone. Sa kamalas-malasan ay malaki ang tangkad nito sa kanya kaya madali nitong nailayo ang telepono.

“Porque may impluwensya ka kay Mrs. Likigan, ang yabang mo na. Alam ko namang naghihintay ka lang ng pagkakataong mapalayas ako rito, you selfish bastard!”

Pinatay ng lalaki ang cellphone at tinitigan siya. “This is your last chance to tell the truth. Bakit ka

nagpapanggap na lalaki?” kalmadong tanong nito.

Marunong namang tumanggap ng pagkatalo si Maxine. Alam niya kung kailan dapat nang isuko ang laban. Isa ito sa mga pagkakataong iyon.

Dahan-dahan niyang iniwas ang tingin, ayaw niyang mahalata ng lalaki ang desperasyon sa mga mata niya.

“Max,” this time ay puno ng pasensya ang boses ni August. “There must be a reason.”

Napabuntong-hininga siya. “My real name is Maxine and my reasons are personal, August.” Sa kauna-unahang pagkakataon ay binanggit niya ang pangalan nito. “Very personal,” pagdidiin niya. “I just want to be alone. I just wanted some peace. Noong di-inaasahang dumating ka, I had no choice but to continue the lie. Hindi naman kita guguluhin o pakikialaman. Napakalaki ng bahay na ito, ni hindi tayo kailangang magkita.”

Ngumiti ang lalaki. Nakalolokong ngiti. Pagkuwan ay biglang sumeryoso ang mukha nito. “Kriminal ka ba? Batas ba ang tinatakbuhan mo?”

Nasapo ni Maxine ang noo. “Stop talking nonsense!” Ang ungas na ito! At ngayon ay pinagkamalan pa siyang kriminal. Ano na naman

ang iniisip nito sa kanya, na isa siyang estapadora, kidnapper o killer?

Nagkibit-balikat si August. “Malay ko ba. Baka may malaking reward na nakapatong sa ulo mo. I’m going to find out.” Tumalikod ito para magtungo sa kusina. “Pero wala pa akong oras na gawin iyon ngayon. Mas mabuting sundin na lang ang suggestion mo at mag-iwasan na lang tayo,” pahabol nito bago nawala sa paningin niya.

Matagal-tagal din siyang nag-isip bago sinundan ito sa kusina. Inabutan niya ang lalaki na naglilinis ng bangus sa lababo. “Akala ko ba mag-iiwasan tayo?” anito.

“On second thought, puwede naman tayong maging magkaibigan, eh.” Sadya niyang pinalambot ang boses.

“Get lost.”

Nagsalubong ang mga kilay niya. “I’m only trying to be civil!”

“Look, Miss Salvador, I’m busy preparing my lunch. Dapat siguro magtungo ka na rin sa palengke at bumili ng sarili mong pagkain.”

“Bakit, ipinagdadamot mo na ba ngayon ang

mga iyan? Baka gusto mong pabayaran na rin pati pinakain mo sa ‘kin kanina!’”

“Go away.”

“Kaninang umaga, you were so friendly.”

“Kaninang umaga, hindi ko pa alam na niloloko mo ako.”

“Talaga bang nagagalit ka dahil nagsinungaling ako? Or is it because you found out that I’m a woman?” pagbibigay-diin pa niya sa huling salita.

Napuno ng katahimikan ng kusina.

Napabuntong-hininga si Maxine. “So, it’s because I am a woman.”

Narinig niya ang pagkabasag ng kung ano sa lababo.

“All right, I’m sorry. Aalis na lang ako,” aniyang tumalikod at lumabas.

“I suggest magtungo ka sa ospital para matingnan ‘yang bukol mo sa ulo.”

Nilingon niya ito mula sa may pintuan at binatuhan ng ubod-tamis na ngiti. “Thanks for the concern.”

Hindi na niya nakita ang pag-ismid ng lalaki.

Woman-hater pala ang lalaki. Bakit?

Halos manakit ang ulo niya kaiisip ng mga dahilan kung bakit galit ito sa mga babae. Siguro ay sariwa pa ang pakikipag-break sa girlfriend. Pero nakapaka-childish na dahilan naman iyon. May treinta na siguro ang edad nito, hindi na bagay ang dahilan na iyon.

Baka naman may childhood trauma ito, iniwan kaya ng nanay? Diba kadalasan ay iyon ang dahilan sa mga pelikula at pocketbooks? At diba ay karaniwan ding nagiging psychotic ang mga may childhood trauma na ganoon?

Bigla niyang nasapo ang dibdib.

Hindi naman siya mukhang psychotic. Mukha naman itong sane at napaka-attractive pa. Pero ganoon din si Ted Bundy at ilang babae ang napatay n'un! Oh, my God!

Halos mapatalon siya sa gulat nang narinig ang malalakas na katok sa kanyang pintuan.

Naku po! Siya na 'yan, may dala sigurong kutsilyo, o kaya'y palakol—Ayokong mamatay sa saksak! Sana

baril na lang ang gamitin niya. Please, baril na lang...

“Hoy, may tao ba diyan sa loob?” Halata na ang pagkairita sa napalakas na boses nito.

“O-oo. Oo, bakit?” tarantang sagot niya.

“Gamitin mo na ang kusina kung gusto mo. May naiwang pagkain doon.” Iyon lang at narinig na niya ang papalayong mga yabag nito.

Napangiti siya. *O, di ba hindi rin ako natiis ng mokong?*

Pero agad din siyang natigilan. Baka naman gumagawa lang ito ng paraan para mapalabas siya sa kuwarto at paglabas niya ay susunggaban siya. O baka naman nilagyan nito ng lason ang pagkain...

Tumigil ka na nga, napaka-paranoid mo! saway niya sa sarili.

Ni anino ng lalaki ay hindi niya nakita nang bumaba siya. At ni anino ng kinain nito ay wala rin siyang nakita sa kusina. *Ang walanghiya, hindi talaga nagtira! Bukas na bukas ay mamamalengke rin ako, pangako niya sa sarili habang nagbubukas ng isang lata ng pork and beans.*

Kinabuksan, jumper na maong at puting fitted na tank top ang kanyang suot nang lumabas sa bahay. Nakalugay ang buhok niya at nakasuot pa siya ng dark shades.

Walang ekspresyon ang lalaki nang daanan niya ito sa labas kung saan ipinagpapatuloy nito ang pagbubungkal ng lupa.

“Mamamalengke ako. May ipabibili ka?” Ni hindi ito sumagot. Nagkibit-balikat siya at tumalikod na. Nagmagandang-loob pa siya, wala rin namang epekto.

Sinimulan niya ang paglalakad. Hanggang sa main road lang naman at doon na siya sasakay ng taksi.

Kinapa niya ang makapal na wallet sa kanyang bulsa. Dinala niyang talaga ang lahat ng pera. Mahirap na, baka nakawin pa iyon ng lalaki. Hindi naman talaga niya ito kilala.

Pagdating sa bayan ay agad siyang kumain sa isang mamahaling restaurant. Pagkatapos ay naglibut-libot siya habang tumitingin ng mga kakailanganing gamit.

May nadaanan siyang bilihan ng alak at pumasok doon para ibili ng Chivas Regal ang lalaki. Pinakamalaking bote pa ang pinili niya. *Tingnan ko lang kung hindi siya mapahiya sa pagiging galante ko.*

Huli siyang pumasok sa Bright Girls' gift shop sa *Center Mall*. Karamihan daw ng mabibili roon ay handmade ng mismong may-ari ng shop kaya unique at walang kaparehas.

Agad niyang napusuan ang isang music box na yari sa pine needles. Ang tanging palamuti niyon ay mga ribbons lang at natuwa lalo siya nang pagbukas niyon ay natagpuang tumutugtog pa iyon. Dinala niya iyon sa counter.

“Two hundred and seventy-six pesos, Ma’am,” nakangiting sabi ng kahera.

Nginitian din niya ito habang kinakapa ang wallet sa bulsa. Natigilan siya at napatanga. Nasapo niya ang bibig.

Nadukutan siya!

Ni hindi tumigil si August sa pagbubungkal ng lupa nang huminto ang taksing sinakyan ni Maxine sa di-kalayuan. Kinausap ng babae ang driver bago

siya bumaba at alanganing nilapitan ang lalaki.

“Ah...uhm, A-August...”

Sa awa ng Diyos ay tumigil ito at kahit nakakunot-noo ay tiningnan siya. Nakagat niya ang hintuturo at sinulyapan ang nakahimpil na taksi. Napatingin din doon ang lalaki.

“K-kuwan kasi...” Napalunok siya. Paano ba niyang sasabihin?

“Ano?” iritadong tanong nito.

“Nadukutan ako!” biglang bulalas niya. There. Nasabi rin niya. Finally. Parang natanggal ang kung anong mabigat na bagay sa kanyang dibdib.

Ang kaso, sumunod ay nakita niya ang biglang pagliwanag ng mukha ng lalaki. Pagkuwa ay sumilay ang ngiti nito saka pinagtiklop ang mga braso sa dibdib. Tila ito naghihintay ng susunod niyang sasabihin.

Nagngingitngit man ay pinilit niyang magpakumbaba. “P-please, pakibayaran muna, o.”

Pailing-iling na tumalikod ang lalaki at pumasok sa bahay. Siya naman ay nagtungo sa taksi para tulungan ang driver sa pagbababa ng mga pinamili niyang gamit.

Mayamaya lang ay lumabas na ang lalaki. Derecho ang lakad nito tungo sa taksi, saglit na sinilip ang metro bago binayaran ang driver.

Nang makaalis na ang taksi ay hinarap siya ni August. Maliwanag na naghihintay ito ng paliwanag tungkol sa mga pangyayari.

“Hindi ko kasi namalayan, eh.” Parang batang pinagkiskis niya ang dalawang palad.

“Laman no’n lahat ng pera mo?” usisa nito.

Tumango siya. “Aha,” tumango pa ito nang mahina, “Inisip mong nanakawan kita kaya dinala mo lahat, ‘no? Siguro wala kang iniwan ni isang kusing sa silid mo.”

“Hindi naman!” agad na depensa niya. Pero ngumiti lang ang lalaki. Napayuko tuloy siya.

“So,” sinuri ng lalaki ang mga pinamili niya, “you’ve had quite a shopping spree.”

“Please, huwag mo nang gatungan. Walang-wala na akong pera. Hindi ko alam ang gagawin ko!”

“Umuwi ka na.”

“No,” agad na sagot niya at tinitigan ang lalaki. “No, August, hindi ako uuwi nang dahil dito.”

Nasapo niya ang noo. Naalala niya ang mga alahas niya. Sana ay nabitbit din niya iyon nang naglayas. Eh, di sana ay may maisasangla man lang siya ngayon.

Naku po, hindi ako sanay na walang pera! Paano na 'to? Hindi pala maganda ang pakiramdam ng walang pera, lalo siguro ang mga mahihirap na hindi malaman kung saan iyon kukunin. Ano ba at nagiging melodramatic na yata siya.

Inis na binuhat niya ang dalawa sa malalaking plastic bag at nagpatiuna sa loob. Naramdaman niyang sumunod ang lalaki.

“So, wala kang pera ngayon? Wala ka ring trabaho. Saan ka kukuha ng panggastos mo kung mananatili ka rito?” Hindi niya sinagot ang lalaking obvious naman na nag-e-enjoy sa sitwasyon niya.

“May naisip ako,” anito sa kanyang likuran habang inaayos niya sa mesa ang mga pinamili.

“What?” paasik na tanong ni Maxine.

“Puwede kang maging katulong ko.”